Department of
**Education**

GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA

# Mga Landas Tungo sa Unibersidad

## Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

Maaaring pumili ang mga senyor na estudyante ng paaralan mula sa isang malawak na saklaw ng mga landas patungo sa universidad, pagsasanay at trabaho. Maaaring piliin ang mga landas upang matugunan ang mga interes, kasanayan, pangangailangan at hangarin ng mag-aaral.

### Ano ang mga landas tungo sa unibersidad?

**ATAR**
Ang Australian Tertiary Admissions Rank (ATAR) o ranggo ng pagpasok sa tersiyaryo ng isang mag-aaral ay tinatantiya gamit ang kanilang mga resulta sa kurso at pagsusuri. Isang minimum ng apat na mga kurso ng ATAR ang kailangan. Para sa karamihan ng mga mag-aaral, ang pang-akademiyang katangian at hamon ng mga kursong ATAR ay nagbibigay ng pinakamahusay na paghahanda para sa tagumpay sa unibersidad.

Upang kapasok sa unibersidad bilang isang katatapos ng paaralan gamit ang ATAR, ang mga mag-aaral ay dapat:

- matugunan ang mga kinakailangan para sa Western Australian Certificate of Education
- matugunan ang English Language Competency standard (pamantayan sa Kakayahan sa Wikang Ingles) na binalangkas ng bawat unibersidad, sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod:
    - ATAR English
    - ATAR Literature
    - ATAR EAL/D o katumbas (naka-scale na marka ng 50 o mas mataas)
    - ang pinakamababang mga kinakailangan sa Special Tertiary Admissions Test (STAT) nakasulat na pagsusulit para sa Ingles.
- magtamo ng sapat na mataas na ATAR para makapasok sa isang partikular na kurso, at
- tuparin ang anumang mga kinakailangan o mga espesyal na pangangailangan para sa makapasok sa isang partikular na kurso.

Ang mga mag-aaral sa Year 12 ay binibigyan ng kanilang mga paaralan ng impormasyon tungkol sa pag-aplay sa unibersidad at pagpasok sa mga kursong undergraduate.

**ATAR na may Selection Rank Adjustment (pagsasaayos ng ranggo ng pagpili)**
Ilang mga mag-aaral ay karapat-dapat para sa isang pagsasaayos ng ATAR. Ang mga pagsasaayos ay nagpapataas sa ranggo ng isang mag-aaral dahil sa mga dahilan gaya ng:

- pagganap sa mga subject sa Year 12
- nakatira o nag-aaral sa isang partikular na lugar
- pagiging una sa isang pamilya na makapag-aral sa unibersidad, o
- pagiging karapat-dapat para sa mga Educational Access Schemes (Pamamaraan sa Pag-access ng Edukasyon).

D23/1271751
June 2023
CC BY
Exclusions may apply

Ang isang mag-aaral ay maaaring magkaroon ng iba't-ibang ranggo ng pagpili sa iba't-ibang mga unibersidad. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

| Unibersidad | Website |
|---|---|
| **Curtin** | https://study.curtin.edu.au/applying/pathways/stepup-to-curtin |
| **Edith Cowan** | https://www.ecu.edu.au/__data/assets/pdf_file/0011/676946/ECU-Access-Eligible-WA-Schools.pdf |
| **Murdoch** | https://www-uat.murdoch.edu.au/study/pathways-to-uni/high-school/selection-rank-adjustment |
| **University of WA** | https://www.uwa.edu.au/study/how-to-apply/admission-entry-pathways/broadway |

**Vocational Education and Training (VET) (Bokasyonal na Edukasyon at Pagsasanay)**

Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang mga kwalipikasyon ng VET upang matugunan ang pinakamababang mga entry requirement ng isang hanay ng mga kursong undergraduate. Kadalasang mga aplikante ay matagumpay na nakamit ang WACE, nakakumpleto ng isang kwalipikasyon sa antas na Certificate IV at natugunan ang English Language Competency (Kakayahan sa Wikang Ingles). Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

| Unibersidad | Website |
|---|---|
| **Curtin** | https://study.curtin.edu.au/applying/pathways/tafe-vet |
| **Edith Cowan** | https://www.ecu.edu.au/future-students/course-entry<br>Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang isang Certificate III at kakayahan sa wikang Ingles upang mag-aplay na pumasok sa mga kursong ECU UniPrep, para sa impormasyon, bisitahin ang https://www.ecu.edu.au/degrees/uniprep |
| **Murdoch** | https://www-uat.murdoch.edu.au/study/pathways-to-uni/vocational-education-and-training<br>Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang isang Certificate II in General Education for Adults o Certificate III at kakayahan sa wikang Ingles upang mag-apply para sa pagpasok sa mga programang OnTrack at FlexiTrack ng Murdoch. Para sa impormasyon, magpunta sa:<br>• OnTrack - https://www-uat.murdoch.edu.au/course/enabling/n1069<br>• FlexiTrack - https://www-uat.murdoch.edu.au/course/enabling/n1095 |
| **University of Notre Dame** | https://www.notredame.edu.au/study/pathways/vet-study<br>Magagamit para sa karamihang kurso maliban sa Law, Physiotherapy at Education. |
| **University of WA** | https://www.uwa.edu.au/study/How-to-apply/Admission-entry-pathways/Diploma-Entry-Pathway |



CC BY Exclusions may apply

**Landas para sa mga Mag-aaral na Aborihinal at Torres Strait Islander**
Mayroong mga nakatuon na landas para sa mga mag-aaral na Aborihinal at Torres Strait Islander upang makapasok sa unibersidad. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

| Unibersidad | Website |
|---|---|
| **Curtin** | https://karda.curtin.edu.au/study/enabling-courses |
| **Edith Cowan** | Ang Aboriginal University Readiness Assessment (AURA) ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na nakatapos ng isang Certificate II o mas mababa na ipalagay para sa pagpasok sa unibersidad. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa https://www.ecu.edu.au/centres/kurongkurl-katitjin/student-success-and-support/aborignal-university-readiness-assessment |
| **Murdoch** | Ang K-Track enabling program ay isang libreng kurso na nagbibigay-daan sa mga Aborihinal at Torres Strait Islander na nagsisimula ng tersiyaryong edukasyon o naghahanap ng pagbabago sa direksyon. Para sa impormasyon, magpunta sa https://www.murdoch.edu.au/life-at-murdoch/perth-campus/facilities-services/kulbardi-aboriginal-centre/k-track-enabling-program |
| **University of Notre Dame** | Ang Notre Dame ay mayroong ilang mga pagkakataon at alternatibong mga landas sa pagpasok para sa mga mag-aaral na Aborihinal at Torres Strait Islander na makapag-aral ng Medicine. Para sa impormasyon, magpunta sa https://www.notredame.edu.au/current-students/support/indigenous-portal |
| **University of WA** | Mga pagkakataon sa pag-aaral ng mga katutubo: Kabilang ng University of Western Australia ang Aboriginal Orientation course at Provisional Entry scheme. Para sa impormasyon, magpunta sa https://www.uwa.edu.au/study/indigenous-study |

**Mga Kurso sa Paghahanda sa Unibersidad**
Ang mga kursong paghahanda o pagbibigay-daan sa unibersidad ay dinisenyo upang ihanda ang mga mag-aaral na maging kuwalipikado para sa isang hanay ng mga kursong undergraduate. Ang mga kursong ito ay nakatuon sa mga kinakailangang kasanayan para sa pag-aaral na antas ng unibersidad tulad ng pananaliksik, mga proseso ng pagsulat at pagbilang. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

| Unibersidad | Website |
|---|---|
| **Curtin** | Ang programang UniReady ay libre at bukas sa mga nakatapos ng pag-aaral at mga mag-aaral na mature age. Para sa impormasyon, magpunta sa https://study.curtin.edu.au/applying/pathways/uniready-enabling-program |
| **Edith Cowan** | Ang mga kursong UniPrep ay libre at bukas sa mga nakatapos ng pag-aaral at mga mag-aaral na mature age. Para sa impormasyon, magpunta sa https://www.ecu.edu.au/degrees/uniprep |



CC BY
Exclusions may apply

| | |
|---|---|
| **Murdoch** | Ang Murdoch ay mayroong isang hanay ng mga nagbibigay-daan na landas. Para sa impormasyon, magpunta sa http://www.murdoch.edu.au/study/courses/enabling-pathways |
| **University of Notre Dame** | https://www.notredame.edu.au/study/pathways/tertiary-pathway-program |

### Portfolio Entry (Pagpasok sa Pamamagitan ng Portfolio)

Maaaring ituring ang mga mag-aaral na makapasok sa mga partikular na mga kursong undergraduate base sa isang portfolio na nagpapamalas ng mga akademikong tagumpay, kwalipikasyon, kakayahan, at pagiging nararapat para sa pag-aaral sa tersiyaryo. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

| Unibersidad | Website |
|---|---|
| **Curtin** | Ang portfolio entry ay magagamit para sa isang hanay ng mga kursong humanities, science, business at health science. Para sa impormasyon, magpunta sa https://study.curtin.edu.au/applying/pathways/portfolio-entry |
| **Edith Cowan** | Maaaring kilalanin ang mga mag-aaral para sa pagpasok sa partikular na mga kursong undergraduate sa creative arts at design disciplines na walang ATAR. Para sa impormasyon, magpunta sa https://www.ecu.edu.au/future-students/course-entry/creative-arts-portfolio-entry |
| **Murdoch** | Ang landas na media ay para sa mga mag-aaral na malikhain na naglalayong maka-enrol sa isang kursong Sining. Para sa impormasyon, magpunta sa:<br>• https://www.murdoch.edu.au/study/courses/undergraduate-courses/portfolio-entry-pathway<br>• http://www.murdoch.edu.au/study/courses/undergraduate-courses/portfolio-entry-pathway/media-portfolio-pathway |

### Pagpasok na base sa karanasan

Maaaring kilalanin ang mga mag-aaral para sa pagpasok sa isang kursong undergraduate sa pamamagitan ng pagtatasa ng unibersidad sa kanilang kakayahan na magtagumpay sa mataas na edukasyon base sa ebidensiyang ibinigay. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

| Unibersidad | Website |
|---|---|
| **Curtin** | Ay maaaring tumulong sa mga mag-aaral na makapasok sa kanilang piniling kurso kung walang ibang landas ay nababagay. Para sa impormasyon, magpunta sa https://study.curtin.edu.au/applying/pathways/access-curtin |
| **Edith Cowan** | Pinapayagan ang mga mag-aaral na kilalanin para sa pagpasok sa isang kursong undergraduate sa pamamagitan ng isang pagtatasa ng |



CC BY Exclusions may apply

| | |
|---|---|
| | kanilang kakayahan na magtatumpay sa mataas na edukasyon. Para sa impormasyon, magpunta sa https://www.ecu.edu.au/future-students/course-entry/experience-based-entry-scheme |
| **University of WA** | Nagbibigay ng isang tinasa o hindi tinasa na opsyon upang pag-aralan ang mga indibidwal na yunit na kanilang pinili nang hindi kinakailangang mag-enroll sa isang kursong pang-degree. Para sa impormasyon, magpunta sa https://www.uwa.edu.au/study/courses-and-careers/short-courses/access-uwa-assessed |

**Educational Access Scheme (Pamamaraan ng Pag-access sa Edukasyon)**
Ang mga mag-aaral na nakaranas ng mga pambihirang pangyayari sa panahon ng kanilang senyor na mga taon sa mataas na paaralan, na nakaapekto nang masama sa kanilang pag-aaral sa Year 11 at 12, ay maaaring humingi ng undergraduate admission sa mga unibersidad ng Western Australia. Maaaring mag-aplay ang mga aplikante para sa special consideration (espesyal na pagsasaalang-alang) sa pamamagitan ng Tertiary Institution Service Centre (TISC).

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng TISC
www.tisc.edu.au/static/guide/eas.tisc



CC BY
Exclusions may apply